

MULA SALITA HANGGANG LAPI: ISANG LINGGWISTIKONG PAGSUSURI SA MGA SALITANG PANGNILALAMAN SA WIKANG KAMAYO

Erwin R. Bucjan
erbucjan@nemsu.edu.ph

Mardie E. Bucjan
mardiebucjan5@gmail.com

*North Eastern Mindanao State University
Tandag City*

ABSTRAK

Nakatuon ang pananaliksik na ito sa pagsusuri sa mga salitang pangnilalaman sa wikang Kamayo tulad ng panlaping makangalan, makadiwa at makauri. Ang pag-aaral ay isang kwalitatibong disenyo. Deskriptiv analisis naman ang ginamit sa pagsusuri ng wikang Kamayo at **purposive criterion sampling** sa pagpili sa mga impormanteng may edad 60 pataas. Natuklasan sa pag-aaral na may natatanging proseso sa pagbuo ng mga salita ang wikang Kamayo. Napag-alaman din na mayroong sariling proseso ang wikang Kamayo ayon sa pagdurugtong ng mga panlaping makangalan, makadiwa at makauri. Samakatuwid, buhay at pangunahing gamit sa pakikipag-usap ang wikang Kamayo. Inirerekomendang gamitin ang resulta ng pananaliksik na ito bilang hanguan sa paggawa ng instruksiyunal na materyal para sa pagtuturo ng wikang Kamayo bilang *mother tongue* sa Lianga, San Agustin at Marihatag, Surigao del Sur.

Mga Susing Salita: wikang Kamayo, panlapi, makangalan, makadiwa, makauri

INTRODUKSYON

Ang pagsusuri at pagtatala ng wika ay nangangailangan ng malalim na pang-unawa sa mga pangunahing konsepto sa linggwistika. Ito ay kinapapalooban ng pag-aaral sa istruktura ng wika, kasama ang ponolohiya, morpolohiya, sintaksis, at semantika. Mahalaga ang pag-unawa sa mga natatanging katangian ng wika gaya ng sistema ng tunog, proseso ng pagbuo ng salita, istruktura ng pangungusap, at iba pang prosesong nagbibigay kahulugan para sa wastong dokumentasyon ng wika. Ang pagsusuri sa wika, ang ugnayan nito sa iba't ibang wika, at ang konteksto nito sa lipunan at kultura ay nagbibigay ng komprehensibong pang-unawa sa kahalagahan nito.

Ang wikang Kamayo ayon sa Hinatuan Kamayo Dictionary (Ebo, 2011) ay wikang ginagamit ng karamihan ng mga taong naninirahan sa gitnang silangan ng Mindanao, mula sa Marihatag hanggang Lingig o sa hilagang bahagi ng Surigao del Sur. Binanggit din dito na ang wikang Kamayo ay pagsasama-sama o amalgamasyon ng mga katutubong Mandaya, Mamanwa,

Subanun, Mansaka at iba pang nakatira sa bahaging Northeastern Mindanao. Samakatuwid, ginagamit ang wikang Kamayo sa maraming lugar sa silangang Mindanao.

Ang pangamba na mawala ang isang wika tulad ng wikang Kamayo sa probinsiya ng Surigao del Sur ang nagtulak sa mga mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral. Sa kasalukuyan, ang kabataang Kamayo ay nanghihiram o gumagamit ng mga salita o parirala mula sa wikang Bisaya, Tagalog at Ingles. Nakakalungkot ito dahil iilan lamang ang mga pag-aaral tungkol sa wikang Kamayo na naglalayong maitala at mapreserba ang wika at matukoy ang identidad nila. Ito ang nagtulak sa mananaliksik upang pag-aralan ang nasabing wika para sa pagpapanatili nito.

Kung kaya, pag-aralan ang morpolohiya ng wikang Kamayo partikular na sa mga panlaping makangalan, makadiwa at maka-uri bilang morpolohiya ng nasabing wika. Ang morpolohiya ay isang bahagi ng lingguwistika na nagsusuri sa kahalagahan ng morpema ng isang wika at pagsasama ng mga ito upang makabuo ng salita. Ito ay siyentipikong pag-aaral sa lingguwistika kaugnay sa anyo at istruktura ng mga salita sa isang wika. Ito ang larangan ng lingguwistika na sinusuri ang panloob na istruktura ng mga salita at ang mga proseso ng pagbuo ng salita.

Sa pag-aaral ni Bacalla (2019), natuklasan na magkakahawig ang Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit ng panlapi sa salitang ugat. May pagkakaiba ang dalawang wika sa mga terminong ginagamit. Ang mga morpemang makangalan at makauri ay maraming pagkakatulad, samantalang ang mga morpemang makadiwa ay nagpapakita ng pagkakaiba sa mga termino, pati na rin kung paano ito mabubuo at ang kanilang mga kahulugan. Hindi magkalayo ang dalawang wika pagdating sa pag-uuri ng morpemang salitang ugat, morpemang makangalan, morpemang makauri, at morpemang makadiwa.

Ayon kay Gorumba (2021) ay halos magkakapareho ang kahulugan ng salitang ugat na may panlapi sa Tagalog, Waray, at Cebuano, maliban sa mga panlapi kung saan ang mga morpema ay idinadagdag, binabawas, at binabago. Halimbawa, sa mga panlaping makangalan: ang mag-(sasaka) ay nagiging parag-(uma) sa Waray. Ang salitang tag(lamig) ay nagiging ting-(tanom) at kat-(sirak) sa Waray. Para sa mga panlaping maka-uri, ang salitang Tagalog na ma(yaman) ay nagiging ka(datu) at ka(riko) sa Cebuano at Waray. Ang pala(sulat) at pala(hubog) ay parehong ginagamit sa Tagalog at Cebuano, habang ito ay nagiging para(surat) sa Waray. Para sa mga panlaping makadiwa, ang panlaping um(inom) ay nagiging mi(inum) sa Cebuano.

Natuklasan naman ni Saranza (2018), na ang Ingles ay may dalawampu't apat na katinig na ponema samantalang ang Kinamayo ay may labinlima lamang. Ang mga katinig na ponema sa Ingles na wala sa Kinamayo ay /f, v, ð, θ, s, h, z, ʒ, ʃ, dʒ, tʃ/. Ang Ingles ay may labing-apat na pangunahing patinig samantalang ang Kinamayo ay may lima lamang. ng mga patinig na ponema na wala sa Kinamayo ay /e, æ, ɔ, ʌ, /ɜ ə, ɜ/. Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay maaaring gamitin upang bumuo ng mga pedagogikal na estratehiya at mga instruksiyunal na materyal upang malutas ang mga kahirapan sa pagbigkas ng mga Kamayo sa lugar at mapabuti ang pag-unawa sa wikang Ingles. Ganoon din sa pag-aaral na ito, upang may pagbabatayan ang pagtuturo ng MTB-

MLE sa mga lugar ng Kamayo lalo pa sa pagtuturo ng mga payak na morpolohiya ng nasabing wika. Dagdag pa, maaaring pagbabatayan din ito ng mga nagpakadalubhasa sa wika.

Ang pagpapanatili ng katutubong wika ay nagbibigay ng mas makahulugang komunikasyon na maaaring magpalaganap ng paggalang sa mga relasyon ng tao at sa kulturang pamana sa lipunan. Ang pagpapanatili ng katutubong wika ay mahalaga rin sa pagpapanatili ng personal na pagkakakilanlan. Bukod dito, natuklasan na ang pagpapanatili ng katutubong wika ay nagpapahintulot ng mas aktibong pakikilahok sa sariling komunidad ng kultura. Ang pagprotekta sa mga katutubong wika at kaalaman ay mahalaga para matugunan ang kasalukuyang krisis sa klima at makataong kalagayan (Triebold, 2020; Chiblow & Meighan, 2021).

Malaki ang kaugnayan ng mga babasahin at mga pag-aaral na nabanggit sa itaas. Ang mga ito ang nag-uugnay sa kasalukuyang pag-aaral dahil sinusuri nito ang morpolohiya at pagbuo ng mga salita, ang impleksiyon ng wika sa Pilipinas gaya ng Surigaonon at Kamayo, ang panlaping *mang* at *mag* sa wikang Filipino. Pinag-aaralan din sa mga babasahin ang salitang-ugat at panlapi ng wikang Surigaonon. Datapwat, naiiba ang kasalukuyang pag-aaral dahil pinag-aaralan ng mananaliksik ang mga anyo at katangian ng wikang Kamayo at paano nabuo ang mga salita. Tinalakay rin dito ang klasipikasyon ng mga pangngalan, pandiwa at pang-uri. Malalim naman na pagtalakay ang ginawa ng mananaliksik sa mga panlaping ikinakabit sa pangngalan, padiwa at pang-uri. Tiningnan din dito ang deribasyon ng mga salita sa wikang Kamayo.

Mahalaga ang pag-aaral na ito upang maipabatid na natatangi ang wikang Kamayo dahil mayroon itong sariling katangian na iba sa ibang mga wika sa bansa. Magiging gabay ang resulta ng pag-aaral sa mga DepEd personel sa pagpapaigting ng MTB-MLE sa probinsiya ng Surigao del Sur maging ng mga tagagawa ng polisiyang pangwika. Maari ring maging hanguan ng mga DepEd personel sa pagbuo ng mga babasahin o instruksiyunal materyal sa gramatika ng wikang Kamayo sa nasabing lugar. Mahalagang maitala ang pag-aaral na ito upang magkaroon ng katibayan at dokumentong magpapanatili ng wikang Kamayo.

Layunin ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na masuri ang mga salitang pangnilalaman ng wikang Kamayo. Inalam ang mga morpemang ikinakabit sa mga salitang ugat at tinalakay ang mga panlaping makangalan, makadiwa at makauri.

Batayang Teoritikal

Pangunahing batayang teorya ng pag-aaral ay ang **Transformational-Generative Grammar** ni **Noam Chomsky**. Ito ay bahagi ng teorya ng generative grammar, lalo na sa mga likas at katutubong wika. Ang Transformational Generative Grammar ay kilala rin bilang Transformational Grammar, na isang sistema ng pagsusuri ng wika. Ipinapakita nito ang ugnayan sa pagitan ng iba't ibang elemento ng pangungusap at sa mga posibleng pangungusap sa wika, at sa proseso o mga patakaran na tinatawag na mga transformasyon ng mga salita at pangungusap upang maipahayag ang semantika sa tulong ng 'surface structures' at 'deep structure' (Yadav & Yadav, 2020). Sa madaling salita, ang teorya ni Chomsky sa larangan ng linggwistika ay nagbigay

ng isang pananaw sa pag-aaral ng wika. Ang kanyang mga ideya ay nagpapakita na ang wika ay hindi lamang isang simpleng sistema ng komunikasyon, kundi isang kumplikadong proseso na nagsasangkot ng mga kognitibong kakayahan ng tao. Kaugnay nito, ang kasalukuyang pag-aaral nakatuon sa pagsusuri ng mga salitang pangnilalaman sa wikang Kamayo. Naging batayan ito sa pagsuri ng mga salita sa deribasyon at impleksiyon sa pagbalangkas ng batayang pangungusap sa wikang Kamayo dahil prinsipyo ng teoryang ito ang pagsusuri ng patern sa pagbuo ng salita o pangungusap.

Nakabatay din ang pag-aaral na ito sa **Fully Decomposed Representation Hypothesis** ni Feldman (1995). Inilarawan sa teoryang ito ang ang paglalarawan ng mga salita kasama ang panlapi at porma nito. Naging gabay ang teorya sa pagtukoy ng mga panlapi at kahulugan. Ginamit din ito sa pagtukoy kung paano ikinakabit ang mga panlapi sa pagbuo ng salitang-ugat sa wikang Kamayo dahil ipinapalagay sa teorya na ang lahat ng leksikal na presentasyon ay binubuo ng maliliit na yunit ng morpema. Nagamit din ito sa pag-aaral ng deribasyon at impleksiyon sa pagbalangkas ng batayang pangungusap sa wikang Kamayo. Sinusuri ng teoryang ito ang prosesong deribasyong paglalapi at impleksiyong paglalapi sa isang morpolohikal na aspeto. Pinaniniwalaan sa teorya na lahat ng morpolohikal na komplikadong salita ay inirepresenta ng isang **fully decomposed format** at lahat ng morpemik na yunit ay binubuo ng puno (**stem**) at impleksiyong paglalapi. Samakatuwid, ang **Fully Decomposed Representation Hypothesis** ay ang pag-aaral sa morpolohikal na estruktura ng mga salita upang makapagbigay daan sa impormasyong leksikal.

METODOLOHIYA

Kwalitatibong desinyo ang ginamit sa pag-aaral. Ang desinyong ito ay may kaugnayan sa pagsusuri ng mga datos batay sa teksto at imahe ayon kina Cresswell & Cresswell (2018). Ang pamamaraan naman na ginamit sa pag-aaral ay indehinus o pangkatutubo batay sa konsepto ng kapwa o *shared identity* ni Enriquez (Pe-Pua & Marcelino, 2000). Ang konsepto ng kapwa ay nakasentro sa Pilipinong sikolohiyang panlipunan na nasa puso ang mga pagpapahalagang Pilipino. Ang pagpapanatili ng maayos na ugnayang interpersonal ang pangunahing pinahahalagahan ng mga Pilipino, lalong-lalo na ang pakikipagkapwa na nangangahulugang pagtrato sa ibang tao bilang kapwa o kapwa tao ay isang mainam na paraan sa pagsasagawa ng pananaliksik na katutubo. Kung kaya, ginamit ang konseptong kapwa sa pag-aaral upang makuha ang loob ng mga partisipante at maging maayos ang daloy ng panayam na walang pag-aalinlangan at matugunan ang mga katanungang mananaliksik.

Ginamit ang deskriptibong analisis sa pagsusuri ng wikang Kamayo. Layunin ng deskriptibong analisis na ipakita ang tunay na kalagayan ng mga bagay-bagay sa kasalukuyan. Ginawa ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga tala at dokumento matapos makalap ang impormasyon.

Pinili ang mga impormante ayon sa **purposive sampling** na pamamaraan. Ang **purposive criterion sampling**, na kilala rin bilang **purposive sampling**, ay isang uri ng **non-probability**

sampling na ginagamit sa pananaliksik upang pumili ng mga indibidwal o grupo ng mga kalahok na tumutugon sa mga tanong o layunin ng pananaliksik batay sa tiyak na pamantayan o isang set na kraytirya ayon kina Shaheen et al. (2016). Ang paraan naman sa paglilikom ng mga datos ay sa pamamagitan ng pag-iinterbyu sa mga impormanteng may edad 60 pataas na katutubong naninirahan sa mga nabanggit na lugar. Pagtatanong at pag-iinterbyu din sa mga katutubong Kamayo ang ginamit bilang balidasyon ng pag-aaral.

Sa tulong ng kapitan ng barangay sa bawat lugar, dumaan sa proseso ang pangongolekta ng datos sa lugar ng mga impormante. Ang bawat kapitan ang pumili ng mga kalahok bilang mga impormante sa pag-aaral dahil sila ang may alam tungkol sa kanilang mga kabarangay. Pinili ang mga impormante na may kakayahang magsalita ng pinag-aaralang wika, katutubo sa lugar, at pumasa sa kraytiryang inihanda ng mga mananaliksik.

Naging batayan ang mga katanungang nagmula sa siklo ng buhay ng tao. Pagkatapos mapalagay ang loob ng bawat isa ay nagsimulang magtanong ang mananaliksik sa mga impormante tungkol sa mga paniniwala, kultura at tradisyon ng mga Kamayo mula pagbubuntis/panganganak, pagbibinyag, panliligaw, pag-aasawa/pamilya at hanggang sa kamatayan ng tao.

Nirekord ang mga panayam gamit ang *cellphone* na may pahintulot mula sa mga partisipante at pinag-aralan ito ayon sa pagbuo ng mga salita sa wikang Kamayo. Pinakinggan ito nang dalawang beses upang masuri nang mabuti ang mga datos. Pagkatapos, gumawa ng transkripsyon ang mga mananaliksik sa tulong ng kanyang mga balideytor. Pinili at binigyan ng kategorisasyon ang mga salita o datos batay sa mga salitang pangnilalaman gaya ng panlaping makangalan, makadiwa at maka-uri at pagkatapos ay pinag-aralan ang mga panlapi ng mga salita sa wikang Kamayo.

RESULTA AT DISKUSYON

Paglalapi sa mga Salitang Pangnilalaman

Ang paglalapi ay pagsama o pagkabit ng mga morpema sa isang salitang-ugat upang makabuo ng isa pang salitang may sariling kahulugan. Ang paglalapi ng mga morpema ay maaaring ilagay o ikabit sa unahan, gitna at huling bahagi ng salitang-ugat. Makikita sa mga talahanayan ang mga panlaping makangalan, makadiwa at maka-uri.

Talahanayan 1

Ang mga Panlaping Makangalan sa Wikang Kamayo

Panlapi	Kahulugan	Panlapi + S.U. Salitang Kamayo	Katumbas/ Kahulugan sa Filipino
pa-	pangyayari	pa- + dugo = padugo	padugo/bahagi ng ritwal
		pa- + aso = paaso	pausok
		pa- + haring = paharing	paapoy
		pag- + kasal = pagkasal	pagkasal
		pag- + laum + paglaum	umasa
pang-	gamit	pang + haring= pangharing	gamit para makagawa ng apoy
		pang + bay = pangbay	pambahay
		pang + turug = pangturug	pantulog
pagka-	pangyayari	pagka- + isu= pagkaisu	pagkabata
		pagka- + hinuod= pagkahinuod	pagtanda
	kalagayan	pagka- + turi= pagkaturi	pagkatuli
		pagka- + usug= pagkausug	pagkalalaki
tag-	ginawa ang bagay	pagka- + bubay= pagkabubay	pagkababae
		tag- + bunaw= tagbunaw	hinampas
		tag- + dagan= tagdagan	itinakbo
mag-	pangyayari	tag- + badu= tagbadu	isinuot
		mag- + buwang= magbuwang	magsabong
	relasyon	mag- + anak= mag-anak	magsilang
		mag- + asawa= mag-asawa	mag-asawa
		mag- + lumon= maglumon	magkapatid
ka-	kasama	mag- + lolo= maglolo	maglolo
		ka- + upod= kaupod	kasama
	katulad	ka- + iban= kaiban	kapangkat
		ka- + duwa=kaduwa	kalaro
ka-...-an	lugar	ka- + badu= kabadu	kapangkat
		ka- + bayhu= kabayhu	kamukha
		ka- + tumbaw + -an = katumbawan	lugar na maraming sili
ya-	lugar	ka- + pilay + -an = kapilayan	kasagingan
		ka- + gurang + -an = kagurangan	damuhan
ya-		ya- + ina = yaina	naging nanay

	pangyayari	ya- + utaw = yautaw	isinilang
		ya- + alima = yaalima	natamaan sa kamay
		ya- + pakdu = yapakdu	natapilok
		ya- + hinuud = yahinuud	tumanda
		ama + -on = amaon	tiyo
-on	tao	anak + -on = anakon	pamangkin
		bubay + -on = bubayon	lalaking babae ang kilos o galaw
	tao	kawat + -an = kawatan	magnanakaw
		pilay + -an = pilayan	sagingan
		basak + -an = basakan	palayan
-an/-han	lugar	buwang + -an = buwangan	sabungan
		buwad + -an = buwadan	patuyuan
		pirya + -han = piryahan	perya
		pakdu + -wanan = pakduwanan	lugar na may natatapilok
		sipu + wanan = sipuwanan	hawakan ng itak
-anan/ -wanan	lugar	sumbag + -anan = sumbaganan	lugar ng suntukan
		panaw + -anan = panawanan	lakaran
		tagad + -anan = tagadanan	lugar na paghihintayan
		hawid + -anan = hawidanan	hawakan
	bagay	ingkud + -anan = ingkudanan	upuan
		Doming + -ay = Domingay	Doming lang
-ay/-hay	lang	bubay + -ay = bubayay	babae lang
		Liang + -hay = Liangahay	Liang lang
-in-... - an	lugar	sunog + -in- + -an = sinunugan	pinagsunugan

Naglalahad ang Talahanayan 1 ng mga panlaping makangalan sa wikang Kamayo. Dito ipinapakita ang pagkabit ng mga morpemang panlapi sa isang salita o salitang-ugat upang mabuo ang pangngalan na tinatawag na panlaping makangalan. Mula sa mga salitang-ugat ay nabuo ang mga salitang panlaping makangalan. May labing apat (14) na mga panlaping makangalan na maaaring ikabit sa mga salitang-ugat. Ito ay ang mga sumusunod: *pa-*, *pag-*, *pang-*, *pagka-*, *tag-*, *mag-*, *ka-*, *ka-...-an*, *ya-*, *-on*, *-an/han*, *-wanan/anan*, *-ay/-hay*, at *-in-...-an*.

Ginagamit ang panlaping *pa-* sa pag-uunlapi sa mga salitang-ugat sa wikang Kamayo. Naglalarawan ang panlaping ito ng pangyayari kapag ikinakabit sa unang bahagi ng salita gaya ng *paharing* (paapoy).

Ginagamit naman ang panlaping **pag-** sa pag-uunlapi ng salitang-ugat. Ito ay may dalawang kahulugan na tumutukoy sa pangyayari at nararamdaman. Tulad na lamang ng **pag-utaw** na tumutukoy sa pangyayari at ang **paglaum** na tumutukoy sa nararamdaman.

Inilalarawan naman bilang gamit ang mga salitang kinakabitan ng unlaping **pang-** gaya ng **pangbay** (pambahay). Hindi maaring ikabit ang panlaping ito sa gitna o sa huling bahagi ng salitang-ugat dahil mawawala ang kahulugan nito. Ang panlaping **pagka-** naman ay tumutukoy sa pangyayari at katangian ng tao. Tulad na lamang ng mga salitang **pagkaisu** (pagkabata) at **pagkausog** (pagkalalaki).

Ang panlaping **tag-** ay tumutukoy sa pangyayari kapag ikinabit sa salita gaya ng **tagbunaw** (inihampas) at **tagdagan** (itinakbo) na naglalarawan ng pangyayari. Ang panlaping **mag-** naman ay tumutukoy sa pangyayari at relasyon. Halimbawa nito ay **magbuwang** na tumutukoy sa pangyayari, ang salitang **maglumon** (magkapatid) naman ay tumutukoy sa tao na may kahulugang a relasyon ng tao.

May dalawang kahulugang taglay ang panlaping **ka-** kapag ikinabit sa salitang-ugat. Maaaring kasama at uri ang kahulugang taglay nito tulad ng salitang **kaduwa** (kalaro) at **kabayhu** (uri). Ang laguhang **ka-...-an** naman ay naglalarawan ng isang lugar. Isa sa halimbawa nito ay ang salitang **katumbawan** (lugar na maraming sili) o nasa anyong pangngalang maramihan.

Inilalarawan naman ng unlaping **ya-** bilang pangyayari. Tulad halimbawa ng salitang **yaina** (naging nanay) at **yautaw** (isinilang). Ang hulaping **-on** naman ay naglalarawan ng isang tao kapag ikinakabit sa salita. Ang salitang **amaon**, **anakon** at **bubayon** ang mga salitang naglalarawan ng tao.

Tumutukoy ang mga hulaping **-an** sa tao at lugar. Ang salitang **kawat** kapag hinuhulapian ng **-an** ay nagiging **kawatan** na tumutukoy sa tao. Lugar naman ang tinutukoy kapag ang salitang **pilay** ay hinuhulapian ng **-an** ay magiging **pilayan** (lugar na maraming saging). Samantala, tumutukoy ang panlaping **-han** sa lugar kapag ikinabit sa huling bahagi ng salita gaya ng salitang **piryahan**. Ang panlaping **-wanan** naman ay tumutukoy sa lugar gaya ng **pakduwanan** (lugar na may natatapilok).

Ang panlaping **-anan** kapag ikinabit sa salitang-ugat ay tumutukoy sa lugar at bagay. Ang salitang-ugat na **sumbag** kapag hinuhulapian ng **-anan** ay magiging **sumbaganan** (lugar ng suntukan). Ang salitang **ingkud** naman kapag hinuhulapian ng **-anan** ay magiging **inkudanan** na tumutukoy sa bagay na upuan.

Ganoon din ang hulaping **-ay/ -hay** na may kahulugang taglay na tao o lugar tulad ng salitang Domingay (si Doming lamang) at Liangahay (lugar na Lianga lamang). Ang panlaping **-in... -an** ay tumutukoy naman sa isang lugar tulad ng salitang **sunug** kapag kinabitan ng panlaping **-in** sa gitna at **-an** sa huli ay magiging **sinunugan** (lugar na pinagsunugan). Ang mga hulaping ito ay impleksiyon lamang ng salita at hindi nakapagbibigay ng ibang kahulugan o kategorya ang mga ito.

Ang mga panlaping ikinakabit sa bawat salita ng wikang Kamayo ay nagtataglay ng sariling kahulugan upang maunawaan ang salita. Kung kaya, ang pag-aaral na ito ay umalinsunod sap ag-aaral ni (Paredes, 2020) na ang kamalayan sa morposintaks ay isang mahalagang salik sa pagpapagana ng pag-unawa at pagtiyak ng malinaw na pagkaintindi sa mga anyo, kahulugan, at konteksto ng iba't ibang aspeto ng wika. Ang kamalayan sa morpolohiya ay sinasabing may kaugnayan sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa at pagsusulat pati na rin sa mas mahusay na pagganap sa wika, sapagkat ito'y naglalaman ng mas malaking imbakan ng bokabularyo at mas mahusay na pag-unawa.

Samakatuwid, maaaring ituring na higit sa isang morpema ang iisang anyo ng panlapi kung may higit sa isa itong kahulugan. Ang mga natuklasang mga panlaping makangalan ay hindi maaaring ikabit kung saan-saan lamang dahil masisira ang kahulugan nito. Dahil ditto, masasabing may malinaw na sistema ang wikang Kamayo sa pagbuo ng pangngalan

Talahanayan 2

Ang mga Panlaping Makadiwa sa Wikang Kamayo

Panlapi	Panlapi + S.U.= Salitang Kamayo	Katumbas/ Kahulugan sa Filipino
mag-	mag- + dut-ong = magdut-ong	magpapaapoy
	mag- + burat = magburat	maglalapag
	mag- + bayo = magbayo	magbabayo
	mag- + lampaso = maglampaso	magbubunot
	mag- + duwa = magduwa	maglalaro
ma-	ma- + katkat = makatkat	aakyat
	ma- + santaku = masantaku	sasapakin
	ma- + banga = mabanga	kakagatin
	ma- + simba = masimba	sisimba
mang-	ma- + tud = matud	matulak
	mang- + labyog = manglabyog	mangunguha ng pugita
	mang- + lampas = manglampas	mamumutol ng damo
	mang- + garab = manggarab	mang-aani ng palay
-an	tagad + -an = tagadan	hihintayin
	dagan + -an = daganan	tatakbuhan
	bugha + -an = bughaan	sisipakan
-on	kamang + -on = kamangon	kukunin
	bingwit + -on = bingwiton	bibingwitin
	sipa + -on = sipaon	sisipain
-i	hawid + i = hawidi	hahawakan
	kagtang + i = kagtangi	huhulugan
	burat + i = burati	lalapagan

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang mga panlaping makadiwa sa wikang Kamayo. Tinatawag na panlaping makadiwa ang mga morpemang ikinabit sa mga salita upang makabuo ng mga salitang kilos o pandiwa. May anim (6) na panlaping makadiwa ang wikang Kamayo na kadalasang ikinakabit sa bawat salita upang makabuo ng ibang kahulugan na tumutukoy sa pagganap ng kilos.

Ang mga panlaping makadiwang ito ay binubuo ng mga morpemang **mag-**, **ma-**, **-an**, **mang-**, **-on**, at **-i**. Ang mga panlaping ito ay kinikilala bilang mga panahunang panghinaharap na aspekto ng pandiwa. Tulad ng mga halimbawa na *magduwa* (maglalaro), *mabanga* (makakagat), *harukan* (hahalikan), *manglampas* (mamumutol ng damo), *kamangon* (kukunin) at *kagtangi* (huhulugan).

Tumutukoy ang panlaping **ma-** bilang kilos na gagawin pa lamang gaya ng salitang *matud* (matutulak). Ang panlaping **mag-** naman ay naglalarawan din bilang aspektong panghinaharap. Tulad din sa mga naunang mga panlapi, ikinakabit ito sa unang bahagi ng salitang pandiwa upang mabigyan ng tiyak na kahulugan ang isang salita. Ang panlaping ito ay nagsasaad ng kakayahang gawin ang kilos na tinutukoy sa salitang-ugat gaya ng *magburat* (maglalapag) at iba pa.

Inilalarawan naman ang panlaping **mang-** bilang isahan o maramihang anyo sa pagganap ng kilos. Ang mga panlaping **-an** at **-on** ay nagsasaad na gawin sa isang tao, bagay o hayop ang kilos na tinutukoy ng nilalapan. Ito ay ikinakabit naman sa huling bahagi ng salita. Naglalarawan ang mga ito ng kilos na gagawin pa lamang o panghinaharap na aspekto ng pandiwa. Ang panlaping **-i** naman ay tumutukoy din sa panghinaharap na aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo.

Ito ay may pagkakahawig sa pag-aaral ni Bacalla, L. (2019) dahiul natuklasan niya, na ang panlaping [a] ay isang panlapi sa Wikang Sinugbuanong Binisaya na magagamit sa tatlong uri: makangalan, makauri, at makadiwa, na wala sa Wikang Tagalog. Mas maraming panlapi ang Wikang Sinugbuanong Binisaya kaysa sa Wikang Tagalog, ngunit kapwa magkahawig ang dalawang wika.

Tulad din ng wikang Kamayo na ang mga morpema ay binubuo rin mga katinig at patinig na [a], [o] at [i] upang makabuo ng salitang panlaping makadiwa. Halimaa nito ang panlaping **mag-** ay karaniwang ginagamit bilang pangkabit sa salita upang makabuo ng isang salita. Hindi rin ito maaaring ikabit kahit saan lamang dahil masisira ang kahulugan nito at hindi na maiintindihan. Mahalaga ang mga panlaping ito sa pagtukoy sa aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo. Kaya, tunay na natatangi ang wikang Kamayo dahil kahit sa mga panlapi ay mayroong proseso sa pagbuo ng salita.

Talahanayan 3

Ang mga Panlaping Makauri sa Wikang Kamayo

Panlapi	Kahulugan ng Panlapi	Panlapi + S.U = Salitang Kamayo	Katumbas/ Kahulugan sa Filipino
ka-	ekspresyon ng pagpapahayag ng sukdulang katangian	ka- + badi = kabadi	ang laki
		ka- + mayotuk = kamayotuk	ang liit
		ka- + kurung = kakurong	kakulot
ma-	may angkin/ katangian	ka- + rayu = karayu	malayo
		ka- + duol = kaduol	malapit
		ma- + raat = maraat	pangit
maka-	may angkin/ katangian	ma- + kudu = makudu	masakit
		ma- + lawum = malawum	malalim
		maka- + dayaw = makadayaw	makagaling
maka-	makapang-yayari	maka- + bungu = makabungu	makabingi
		maka- + kurung = makakurung	makakulot
		maka- + katuk = makakatuk	makabaliw
-hay/-ay	medyo	maka- + puti = makaputi	makaputi
		gwapa + -hay = gwapahay /gwa.pa.hay/	medyo
		badi + -hay = badihay /ba.di.hay./	medyo malaki
-hay/-ay/-hi/-i/	napaka-/ sukdulang katangian	buutan + -ay = buutanay /bu.'u.tan.ay/	medyo mabait
		kaig + -ay = kaigay /ka'ig.ay/	medyo payat
		gwapa + -hay = gwapahay /gwa.pa:hay/	napakaganda
ka-...-hay/-ay/-hi/-i	napaka-/ sukdulang katangian	gwapa + -hi = gwapahi /gwa.pa:hi/	napakaganda
		ka- + gamay + -i = kagamayi	napakaliit
		ka- + gamay + -ay = kagamayay	napakaliit
pinaka-	pinaka-/ sukdulang katangian	pinaka- + puwa = pinakapuwa	pinakapula
		pinaka- + itum = pinakaitum	pinakaitim
		pinaka- + kaig = pinakakaig	pinakapayat
ma-...-i	napaka-/ sukdulang katangian	ma- + raat + i = maraati	napakapangit
		ma- + lawum + i = malawumi	napakalalim
		ma- + hayab + i = mahayabi	napakataas
pagka-	may angkin/ katangian	pagka- + pasu = pagkapasu	mainit
		pagka- + taghum = pagkataghum	malamig
		pagka- + badi = pagkabadi	malaki
pagka-...-hay/-ay/-hi/-i	napaka-/ sukdulang katangian	pagka- + pasu + -ay = pagkapasuay	napakainit
		pagka- + taghum + -ay = pagkataghumay	napakalamig
		pagka- + raat + -ay = pagkaraatay	napakapangit
pagka-	may angkin/ katangian	pagka- + kaig + -i = pagkakaigi	napakapayat
		pagka- + badi + -hi = pagkabadihi	napakalaki

Makikita sa Talahanayan 3 ang mga panlaping makauri sa wikang Kamayo. Inilalahad sa talanayang ito ang mga panlaping morpema ng nasabing wika na may taglay na kahulugan. Tinatawag din itong panlaping makauri. Inilalarawan ang mga panlaping makauri bilang di-malayang morpema dahil hindi ito nagtataglay ng sariling kahulugan kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat.

Ang panlaping *ka-* na ikinakabit sa pang-uri ay nagtataglay ng dalawang kahulugan, maaaring katangian at distansiya o layo. Tulad na lamang ng salitang *kabadi* (kalaki) na naglalarawan ng isang katangian. Naglalarawan naman ang salitang *karayu* (malayo) ng distansiya o layo. Ang panlaping ito ay makikita sa unang bahagi ng salitang-ugat na pang-uri.

Inilalarawan ang panlaping *ma-* bilang moderasyon na katangian kapag inuunlapi ang salitang-ugat na pang-uri. Naglalarawan naman ng dalawang katangian ang panlaping *maka-*, maaaring tumutukoy sa kapangyarihan at katangian ng isang tao o bagay. Halimbawa, ang salitang *makadayaw* (makagaling) ay tumutukoy sa kapangyarihan samantalang ang *makakurung* (makakulot) naman ay tumutukoy sa katangian ng buhok o bagay.

Ang morpemang *-hay/-ay* na inihuhulapi sa salitang-ugat na pang-uri ay naglalarawan ng moderasyon na katangian. Datapwat, magiging moderasyon lamang ito kapag ang nagsasalita nito ay gumagamit ng bahagyang paghinto sa pagbigkas [·]. Tulad na lamang ng salitang *gwapahay* [gwa.pa.hay] (medyo maganda) na naglalarawan ng moderasyon na katangian.

Ipinapakita naman ang kahulugang dala ng mga morpemang *-hay/-ay/-yi/ka-...-hay/-ay/-yi* kapag ikinabit sa salita. Nagtataglay ang mga ito ng parehong kahulugan at katangian. Nakasalalay sa haba ng pagbigkas [:] ng salita ang kahulugan nito. Tulad ng salitang *gwapahay* [gwa.pa:hay] o *gwapahi* [gwa.pa:hi] na may kahulugang napakaganda at inilalarawan bilang sukdulang katangian.

Nagtataglay ng parehong katangian ang mga morpemang *pinaka-, ma-...-i, at pagka-...-ay/ pagka-...-ay/ pagka-...-i/ pagka-...-hi*. Naglalarawan ito ng sukdulang katangian kapag ikinabit sa isang salitang *pinakakaig* (pinakapayat), *maraati* (napakapangit) at *pagkataghumay* (napakalamig). Ang panlaping *pagka-* naman ay nagtataglay ng moderasyon na katangian gaya ng *pagkapasu* (mainit).

Ipinapakita rin sa talahanayan ang mga morpomang panlapi na ikinakabit sa inisyal na posisyon ng salitang-ugat tulad ng mga panlaping [*ka-, ma-, maka- at pinaka-*]. Inilalapi naman sa posisyong pinal ng mga salitang-ugat ang mga morpemang [*-hay/-ay/-yi*] gaya ng salitang *gwapahay/gwapahi* (napakaganda). Ikinakabit din ang mga morpemang [*ma-...-i, at pagka-...-ay/-i/-hi*] sa inisyal at pinal ng salitang-ugat tulad ng salitang *maraati* (napakapangit), *pagkapasuay* (napakainit) at *pagkabadihi* (napakalaki).

Ang pagkakabit ng panlaping [*-i at -hi*] sa pinal ng salitang-ugat na pang-uri ay nakadepende sa impit /^ʔ/ na tunog o pasutsot na tunog /h/. Ang salitang-ugat na may impit na tunog /^ʔ/ sa huling bahagi ay kinakabitan na morpemang [*-i*] tulad ng *kakaigi* (napakapayat). Mapapansin din ang pagkabit ng panlaping [*-i*] kung ang huling salita ay tunog /a/, /u/, /b/, /m/, /t/ at /y/.

Samantalang, ikinakabit naman ang panlaping [-hi] sa pinal na bahagi ng salitang-ugat kung ang huling tunog nito ay /h/ pasutsot o walang impit.

Ipinakita sa talahanayan sa itaas ang kakaibang katangian ng wikang Kamayo sa paraan ng pagbigkas. Ito ay bahagi lamang ng kanilang kultura bilang pamamaraan ng pakikipag-usap sa iba. Kung kaya mahalagang maitala ito upang mapanatili ang nasabing wika. Ayon nga sa pag-aaral nina Cacay at Taja-on (2023) mahalaga ang pag-aaral ng wikang Higa-onon upang mapanatili ang wika at mapalaganap ang kulturang katutubo. Ang pagpapanatili ng wika ay nagbibigay ng damdamin ng pagmamalaki para sa tribong Higa-onon. Ang pag-aaral ng Higa-onon ay tumutulong sa mga tao na makipag-usap sa iba na nagsasalita nito. Ang mga katutubong wika ay kadalasang bahagi ng mga tradisyon at kultura ng isang komunidad. Dagdag pa nila na ang kaalaman sa mga wika at diyalekto ng Higa-onon ay mahalaga sa pangangalaga ng natatanging kultura, pagpapalaganap ng pag-unawa at pagkakaunawaan, at pag-unawa sa ating ibinahaging karanasan sa iba tao.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang prosesong morpolohiya ng wikang Kamayo ay may mahalagang papel sa pag-unawa sa estruktura ng salita at sa paraan ng pagkakabit ng mga panlapi sa mga salita upang makabuo ng natatanging kahulugan. Tulad din ng ibang mga wika sa Pilipinas, ang wikang Kamayo may sariling proseso sa pagbuo mula salita hanggang lapi. Kapansin pansin ang mga panlaping makauri dahil nagkakaroon ito ng ibang kahulugan, dependi kung paano ito binibigkas. Ang bahagyang paghinto sa mga salitang pang-uri ay nangangahulugang *medyo* at ang pagpapahaba naman ay may kahulugang *napaka* bilang sukdulang katangian ng salita. Ang katangiang ito sa wikang Kamayo ay nagtataglay ng intonasyong *sing-song* na wala sa ibang mga wika sa Pilipinas maging sa ibang bansa.

Samakatuwid, ang Kamayo ay isang buhay at natatanging wika Pilipinas maging sa buong mundo dahil nagtataglay ito ng mga katangian sa proseso ng pagbuo ng salita bilang natatanging kultura sa lugar. May sarili itong proseso sa paglalapi ng mga morpema upang makabuo ng mga panlaping makangalan, makadiwa at makauri. Ang mga katangiang ito ang nagsisilbing identidad ng mga Kamayo bilang isang pangkat ng tao sa lipunan at ang wikang ito ay buhay at ginagamit nila sa pakikipagsalamuha sa kapwa araw-araw. May malaking kontribusyon ang pag-aaral na ito sa pagpapanatili sa kultura ng pangkat at mapreserba ang wikang Kamayo.

Inirerekomendang gamitin ang resulta ng pananaliksik na ito bilang hanguan sa paggawa ng instruksiyunal na materyal para sa pagtuturo ng wikang Kamayo bilang **mother tongue** sa Lianga, San Agustin at Marihatag, Surigao del Sur. Maaaring maging gabay ang pag-aaral sa mga tagagawa ng polisiya sa wika at edukasyon lalo pa sa pagtuturo ng MTB-MLE sa nasabing lugar ng pag-aaral. Paiigtingin pa ang polisiyang MTEMLE sa bansa. Magiging gabay rin ang pag-aaral na ito sa gramatika para sa mga mag-aaral na Kamayo at di-Kamayo sa Surigao del Sur. Maaari namang palawakin pa ang saklaw ng pag-aaral at magkaroon ng komparatibong pag-aaral ng mga wikain sa probinsiya ng Surigao del Sur. Maging sa pag-aaral ng ponolohiya at pagbigkas ng mga salita.

MGA REPERENSIYA

- Bacalla, Lita. (2019). Morpo-analisis ng wikang Tagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral. *International Journal of Research Studies in Education*, 8(4). <https://doi.org/10.5861/ijrse.2019.4902>
- Cacay, Junry M. & Taja-on, Evan P. (2023). An Ethnographic study on the cognizance of the Higaonon youth about their native language. *Multidisciplinary Journal of Engineering Sciences*, 2(2023), 40-50. <https://doi.org/10.5281/zenodo.8118081>
- Chiblow, Susan & Meighan, Paul J. (2021). Language is land, land is language: The importance of Indigenous languages. *Human Geography, Sage Journals*, 5(2), 206–210. <https://doi/full/10.1177/19427786211022899>
- Creswell, John W. & Cressell, David J. (2018). *Research design qualitative, quantitative, and mixed methods approaches*. Fifth Edition. SAGE Publications.
- Ebo, S. (2011). Kamayo. *Hinatuan Kamayo dictionary*. Nakalap noong Hulyo 20, 2015 mula sa <http://www.yopsy.com/pugad-baboy-ni/posts/#.VhiYFm6ukvw> .
- Feldman, L. (1995). The role of orthographic and semantic transparency of the base morpheme in morphological processing. In J. A. Stolz & L. B. Feldman (Eds.), *Morphological aspects of language processing*, (pp. 109-123). https://www.researchgate.net/publication/321704227_The_role_of_orthographic_and_semantic_transparency_of_the_base_morpheme_in_morphological_processing
- Gorumba, J. A. (2021). Morpolohikal na pagsusuri sa wikang Ceb-Waray. *Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development*, 9(1), 50-57. <https://doi.org/10.70979/QZVV1156>
- Paredes, Y. R. (2020). *Teaching our future generation in the 21st century: The English language development best practices used in kindergarten through 3rd grade: A handbook for teachers* [Unpublished dissertation]. California State University. <https://scholarworks.calstate.edu>
- Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. *Asian Journal of Social Psychology*, 3, 49-71. <https://doi.org/10.1111/1467-839X.00054>
- Saranza, R. C. (2018). A Phonological contrastive analysis of Philippine ethnic Kinamayo and English segmental. *Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ)*, 5(2). <https://doi.org/10.56278/apherj.v5i2.1027>

- Shaheen, M., Pradhan, S. & Ranajee (2021). Qualitative techniques for workplace data analysis. In Shaheen, M., Pradhan, S. & Ranajee (Eds.), *Sampling in qualitative research* (pp.25-51). https://www.researchgate.net/publication/345131737_Sampling_in_Qualitative_Research.
- Triebold, C. (2020). *The importance of maintaining native language*. University of Pittsburgh. Forbes & Fifth, 16. www.forbes5.pitt.edu/article/importance-maintaining-native-language
- Yadav, M. S. & Yadav, M. K. (2020). Role of the transformational generative grammar and other language learning theories in English language teaching. *Electronic Research Journal of Social Sciences and Humanities*, 2(1), 142-153. <http://dx.doi.org/10.2139/ssrn.3665190>